


Paano Dapat Tingnan ang Pagganap ng isang Paaralan o Distrito sa 2019 Dashboard

1. Ang Dashboard ay makikita sa <https://www.caschooldashboard.org/>.
2. Upang tingnan ang mga resulta para sa isang paaralan o distrito, i-type ang pangalan ng paaralan o distrito sa bar ng paghahanap.

Explore information about your local school and district.

Find School or District Near City or County 2019

3. Sa sandaling piliin mo ang iyong distrito, ang pagganap nito sa pang-estado at lokal na mga panukat ay ipakikita.




4. Sa ibaba ng pagganap ng distrito sa mga panukat ng estado ay isang sulyap na pagtingin para sa bawat paaralan sa loob ng distrito.



5. Kung mag-scroll ka pababa ng pahina makikita mo ang mas detalyadong impormasyon sa bawat pang-estado at lokal na panukat. Ang pang-estado at lokal na mga panukat ay inorganisa sa tatlong lugar: Pagganap sa Akademiko, Paglahok sa Akademiko, at Mga Kondisyon at Klima. Ang pagganap ng estudyante-grupo ay prominente ring ipakikita sa Dashboard.

Sa halimbawang kard sa kanan, ang paaralan ay tumanggap ng isang Dilaw na Kulay ng Pagganap para sa Patuloy na Pagliban dahil (1) sa kasalukuyang taon, 8.1 porsiyento ng mga estudyante ang laging lumiliban, at (2) sa loob ng isang taon, ang antas ng patuloy na pagliban ay bahagya lang bumaba (ng 0.1 porsiyento), kaya inilalagay ang paaralan sa “Nagpanatili” na antas.

Sa ibaba ng bawat panukat ng estado ay may isang Ulat ng Pagkakapantay. Ang ulat na ito ay nagpapakita ng bilang mga grupo ng estudyante na inilagay sa bawat antas ng pagganap (kulay) para sa panukat na iyon. Sa halimbawang kard na ito, ang Bilang ng mga Grupo ng Estudyante sa Bawat Kulay ay makikita. Pula: 0, Dalandan: 1, Dilaw: 2, Berde: 2, Asul: 0.



6. Kung pinili mo ang link na **View More Details (Tingnan ang Iba pang mga Detalye)** sa ibaba ng Ulat ng Pagkakapantay, dadalhin ka sa isang pahina na nagbibigay ng detalyadong impormasyon tungkol sa kung paano gumanap ang mga grupo ng estudyante sa tagapagpabatid na iyon.

